GABAY NA AKLAT NG

# MAG-ANAK

G A B A Y  N A  A K L A T  N G

# MAG-ANAK

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 1992, 1999, 2001, 2006 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 2/06
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 2/06
Pagsasalin ng *Family Guidebook*
Tagalog

# Mga Nilalaman


"Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" iv

Organisasyon at Layunin ng Mag-anak 1

Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Tahanan 5

Pagtupad ng mga Responsibilidad sa Mag-anak 14

Pagsasanay sa Pamumuno 18

Pagdaraos ng Samba sa Tahanan
(Para sa mga Mag-anak sa mga Liblib na Pook) 19

Mga Ordenansa at Basbas ng Priesthood 21

Pagkuha ng mga Materyal ng Simbahan at
Paghanap ng Impormasyon sa Family History 30

# “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo”

Noong 1995, inilabas ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ang “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.” Ang pagpapahayag na ito ay isang deklarasyon at muling pagpapatibay ng mga doktrina at gawi na paulit-ulit na ipinahayag ng mga propeta sa buong kasaysayan ng Simbahan. Naglalaman ito ng mga alituntuning mahalaga sa kaligayahan at kapakanan ng bawat mag-anak. Dapat pag-aralan ng mga miyembro ng mag-anak ang pagpapahayag at ipamuhay ang mga panuntunan nito.

---

“Kami, ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inordena ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.

“Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa wangis ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at, bilang gayon, bawat isa ay may banal na katangian at tadhana. Ang kasarian ay isang mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.

“Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Ama at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magkamit ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad patungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Ang banal na plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga sagradong ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao upang makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.

“Ang unang kautusan na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang posibilidad bilang mag-asawa na maging mga magulang. Ipinahahayag namin na ang kautusan ng Diyos na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa. Amin pang karagdagang ipinahahayag na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae, na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.

“Ipinahahayag namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin

ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos.

"Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. 'Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon' (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahal at maglingkod sa isa't isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—ang mga ina at ama—ay papananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito.

"Ang mag-anak ay inordena ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng bigkis ng kasal at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan. Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan. Ang pagkakaroon ng kapansanan, kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa sa pagkalinga sa mag-anak. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan.

"Kami ay nagbababala sa mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nagmamalabis sa asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak, na balang araw sila ay papananagutin sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.

"Kami ay nananawagan sa mga may-pananagutang mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang pangunahing yunit ng lipunan" (*Liahona*, Okt. 2004).

# Organisasyon at Layunin ng Mag-anak



## Organisasyon

Ang mag-anak ay sagrado sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at siyang pinakamahalagang yunit ng lipunan sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Itinatag ng Diyos ang mga mag-anak upang magdulot ng kaligayahan sa Kanyang mga anak, tulutan silang matuto ng mga tamang alituntunin sa kapaligirang may pagmamahalan, at ihanda sila sa buhay na walang hanggan.



Ang tahanan ang pinakamainam na lugar upang ituro, pag-aralan, at ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Dito natututo ang mga tao na maglaan ng pagkain, damit, tirahan, at iba pa nilang pangangailangan. Dapat tulungan ng ama at ina, na may pantay na pananagutan, ang bawat miyembro ng mag-anak na:

- Mahanap ang katotohanan at magkaroon ng pananampalataya sa Diyos.
- Magsisi sa mga kasalanan, mabinyagan para sa kapatawaran ng mga

kasalanan, maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at tumanggap ng Espiritu Santo.

- Sundin ang mga utos ng Diyos, masigasig na pag-aralan ang mga banal na kasulatan, mag-alay ng pansariling panalangin araw-araw, at maglingkod sa iba.
- Magbahagi ng ebanghelyo sa iba.
- Magpa-endow at magpakasal sa templo sa isang karapat-dapat na tao para sa kawalang-hanggan, lumikha ng masayang tahanan para sa mag-anak, at itaguyod ang mag-anak sa pagmamahal at pagsasakripisyo.



- Magsaliksik ng impormasyon tungkol sa mga namatay na ninuno at magsagawa ng mga ordenansa sa templo para sa kanila.



- Magbigay ng lakas na kailangan para sa espirituwal, sosyal, pisikal, at emosyonal na katatagan.

Ang ama ang nangungulo sa mag-anak at may pananagutang turuan ang mga anak at maglaan ng mga pangangailangan sa buhay ng mag-anak. Ang karapat-dapat na ama sa Simbahan ay may oportunidad na magtaglay ng priesthood, na siyang kapangyarihan at awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos. Sa kapangyarihan at awtoridad na ito, nagiging lider ng priesthood ang ama sa kanyang mag-anak. Pinamumunuan niya ang kanyang mag-anak sa paghahandang makabalik sa piling ng ating Ama sa Langit. Ang kanyang maybahay ang pinakamahalaga niyang kasama, kapareha, at tagapayo. Dapat pag-usapan ng mag-asawa ang lahat ng bagay na nakakaapekto sa mag-anak at tahanan.

Dapat maglaan ang ama ng mga espirituwal na pangangailangan ng kanyang mag-anak. Dapat niyang tiyakin na naituturo sa kanila ang ebanghelyo ni Jesucristo at gawin ang lahat ng makakaya niya para hikayatin at tulungan silang sundin ang mga utos ng Panginoon.

Maaaring basbasan ng amang maytaglay ng priesthood ang mga miyembro ng kanyang mag-anak at maglaan para sa kanilang mga espirituwal na pangangailangan. Sa pamamagitan ng awtoridad ng angkop na priesthood at *sa pahintulot ng kanyang lider ng priesthood*, ang ama ay maaaring:

1. Pangalanan at basbasan ang mga anak.
2. Binyagan ang mga anak (at iba pa).
3. Kumpirmahan ang mga anak (at iba pa) bilang mga miyembro ng Simbahan at gawaran sila ng Espiritu Santo.
4. Gawaran ng priesthood ang kanyang mga anak na lalaki (at iba pa) at iorden sila sa mga katungkulan sa priesthood.
5. Basbasan at ipasa ang sakrament.
6. Ilaan ang mga libingan.

*Kahit walang pahintulot ng kanyang lider ng priesthood*, ang amang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ay maaaring maglaan ng langis at basbasan ang mga miyembro ng kanyang mag-anak at iba pang maysakit at bigyan sila ng mga natatanging basbas kapag kinakailangan. (Tingnan sa mga pahina 21–29 sa gabay na aklat na ito ang mga tagubilin sa pagsasagawa ng mga ordenansa at basbas ng priesthood.)

Dapat tiyakin ng ama na aktibong nakikibahagi ang kanyang mag-anak sa tatlong pangunahing responsibilidad:

1. Espirituwal at temporal na kahandaan ng sarili at ng pamilya.
2. Pagbabahagi ng ebanghelyo.
3. Family history at mga ordenansa sa templo para sa buhay at patay.

Ang ina ay kapantay sa pananagutan at nagpapayo sa kanyang asawa. Tinutulungan niya ito sa pagtuturo ng mga batas ng Diyos sa kanilang mga anak. Kung walang ama sa tahanan, ang ina ang nangungulo sa mag-anak.

Ang ama at ina ay dapat magkaisa sa layunin. Dapat nilang mithiing ihanda ang lahat ng miyembro ng pamilya sa pagbalik sa ating Ama sa Langit. Dapat silang magkaisa sa pagsasakatuparan ng mithiing ito. Itinatag ng Panginoon ang Simbahan upang tulungan ang mga ama at ina sa pagtuturo at pangangalaga sa kanilang mag-anak.

Kapag isinilang na ang mga anak sa mag-anak, dapat silang mahalin ng mga magulang, turuan ng mga katotohanan ng ebanghelyo, at maging halimbawa ng matwid na pamumuhay. Dapat matutuhan at tuparin ng mga anak ang mga utos ng Diyos. Dapat nilang igalang at sundin ang kanilang mga magulang.

Ang lakas ng Simbahan ay nakasalalay sa mga mag-anak at sa bawat taong ipinamumuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ang lawak ng mga pagpapala ng ebanghelyo na tinatamasa ng pamilya ay nakasalalay nang malaki sa pag-unawa at pagganap sa mga pangunahing tungkulin ng ama at ina bilang mga magulang. Hindi kailanman nilayon ng Simbahan na magbigay ng mga programa o responsibilidad sa mga ama at ina na makakabigat sa kanila o magpapahina ng kanilang loob o magiging dahilan para makaligtaan nila ang mga pinakamahahalagang tungkuling ito.

## Layunin

Dahil mahal tayo ng ating Ama sa Langit, nais Niya tayong maging dakila katulad Niya. Para matulungan tayo, binigyan Niya tayo ng planong susundin ayon sa mga dakilang batas ng katotohanan. Yaong mga natututo tungkol sa plano at tapat itong sinusunod ay maaaring maging katulad ng ating Ama sa Langit balang araw at matamasa ang uri ng Kanyang pamumuhay.

Bahagi ng plano na lisanin natin ang langit at bumaba sa lupa. Dito'y nagkakaroon tayo ng pisikal na katawan, natututo sa mga karanasan, at napapatunayan natin na karapat-dapat tayong makapiling na muli ang Diyos. Pinatutunayan natin na tayo ay karapat-dapat sa pamamagitan ng malayang pagpiling tuparin ang Kanyang mga batas. (Tingnan sa Abraham 3:23–25; 2 Nephi 2:27.)

Para matulungan tayong ihanda ang ating sarili na makapiling Siya, inorganisa tayo ng ating Ama sa Langit sa mga pamilya. Sa tulong ng mga sagradong ordenansa at tipan, maaaring mabuklod ang ating pamilya magpasawalang-hanggan.

# Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Tahanan



## Pagtuturo sa mga Anak nang may Kabaitan at Pagmamahal

Inutusan ng Panginoon ang mga magulang na ituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak. Sabi niya:

"Yayamang ang mga magulang ay may mga anak sa Sion, o sa alinman sa kanyang mga istaka na naitatag, na hindi nagtuturo sa kanila na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ang pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng walong taong gulang, ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang.

"Sapagkat ito ay magiging batas sa mga naninirahan sa Sion, o sa alinman sa kanyang mga istaka na naitatag.

"At ang kanilang mga anak ay bibinyagan para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan pagsapit ng walong taong gulang, at tatanggapin ang pagpapatong ng kamay.

"At tuturuan din nila ang kanilang mga anak na manalangin, at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon" (D at T 68:25–28).

Ang mga magulang ay dapat magturo nang may kabaitan at pagmamahal, na inaalala ang payo ni Apostol Pablo na "turuan [ang kanilang mga anak] ayon sa saway at aral ng Panginoon" (Efeso 6:4).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan ng Mag-anak

Maaari tayong maging katulad ng ating Ama sa Langit at matamasa ang uri ng Kanyang pamumuhay sa pamamagitan lamang ng pagsunod sa mga batas kung saan nakasalalay ang pagpapalang iyon (tingnan sa D at T 130:20–21). Bago natin maipamuhay ang mga batas na iyon, dapat nating malaman kung ano ang mga ito. "Hindi maaari para sa isang tao na maligtas dahil sa kamangmangan" (D at T 131:6).

Si Jesucristo ang ating pinuno at tagapagbigay ng batas. Alam Niya ang daan at mga batas na dapat nating sundin, at inanyayahan Niya ang bawat isa sa atin na sundin Siya. Sabi niya, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6). Para maging katulad ng ating Ama sa Langit at makabalik sa Kanya, dapat nating malaman ang mga turo ni Jesus at sundin ang mga ito. Mayroon tayong mga banal na kasulatan na tutulong sa atin upang malaman ang buhay, mga turo, at mga utos ni Jesucristo.

Ang apat na aklat na tinatanggap ng Simbahan bilang mga banal na kasulatan ay ang Biblia, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas. Ipinaliliwanag nito ang mga batas ng ebanghelyo at mga pamantayang siyang sukatan natin ng lahat ng kaisipan, kilos, at turo. Tinutulungan tayo nitong malaman ang buhay at mga turo ni Jesucristo at nagbibigay ng mga halimbawa ng mga taong sumampalataya sa Diyos at sumunod sa Kanyang mga utos.

Itinuro sa atin ni Jesus na saliksikin at pag-aralan ang mga banal na kasulatan (tingnan sa Juan 5:39; 3 Nephi 23:1; D at T 88:118).

Dapat ay sama-sama at regular na pag-aralan ng mga mag-anak ang mga banal na kasulatan para matutuhan at masunod ang mga turo ng Panginoon. Dapat tipunin ng mga magulang ang kanilang mag-anak sa regular na oras bawat araw para basahin at talakayin ang mga banal na kasulatan. Bawat miyembro ng mag-anak na marunong bumasa ay dapat bigyan ng pagkakataong bumasa sa mga banal na kasulatan.



Maaaring manalangin ang isang miyembro ng mag-anak bago basahin ang mga banal na kasulatan at hilingin sa Ama sa Langit na basbasan ang bawat isa upang maunawaan ang binabasa at magkaroon ng patotoo tungkol dito. Maaaring manalangin ang mga mag-anak pagkatapos magbasa ng mga banal na kasulatan.

Kapag binabasa at pinagninilay-nilay ng mga mag-anak ang mga banal na kasulatan, nanaisin nilang higit na maging katulad ng Tagapagligtas at higit silang liligaya at mapapayapa sa buhay.

## Mga Panalanging Pansarili at Pangmag-anak

Dapat matuto ang bawat isa sa atin na makipag-usap sa ating Ama sa Langit sa pamamagitan ng panalangin. Mahal Niya tayo at nais Niya tayong makipag-usap sa Kanya. Nais Niyang pasalamatan natin Siya para sa ating mga pagpapala at humingi ng Kanyang tulong at patnubay. Tutulungan Niya tayo kapag hiniling natin. Karamihan sa mga panalangin ay iniaalay natin nang nakayuko at nakapikit habang tayo ay nakaluhod, nakaupo, o nakatayo.

Kailangan nating tandaan ang apat na mahahalagang alituntunin kapag nagdarasal tayo:

1. Sinisimulan natin ang ating mga panalangin sa pagkausap sa ating Ama sa Langit: “Ama namin sa Langit . . .“
2. Nagpapasalamat tayo sa ating Ama sa Langit sa mga bagay na ibinigay Niya sa atin: “Nagpapasalamat kami . . .“
3. Humihiling tayo sa Kanya ng tulong na kailangan natin: “Hinihiling namin . . .“
4. Tinatapos natin ang ating panalangin sa pangalan ng Tagapagligtas: “Sa pangalan ni Jesucristo, amen.”

Hindi natin kailangang sundin palagi sa ating pagdarasal ang lahat ng apat na hakbang na ito, ngunit ang pagalala dito ay makakatulong para matuto tayong manalangin. Dapat nating laging simulan at tapusin ang ating mga panalangin sa una at huling hakbang ngunit ang sasabihin natin sa bandang gitna ay nababatay sa inaakala nating mahalaga. Kung minsan nanaisin nating iukol ang ating panalangin sa pasasalamat sa ating Ama sa Langit. Kung minsan naman nanaisin nating iukol ang ating panalangin sa paghingi ng tulong sa Kanya.



**Mga Panalanging Pansarili**

Bawat tao ay dapat manalanging mag-isa kahit minsan tuwing umaga at gabi. Dapat turuan ng mga magulang ang mga anak na manalanging mag-isa sa sandaling matuto silang magsalita. Matuturuan ng mga magulang ng pagdarasal ang mga anak sa pagluhod na kasama sila at paisaisang ipaulit sa kanila ang mga

pangungusap. Di magtatagal at matututo ring magdasal nang mag-isa ang mga anak.

**Mga Panalanging Pangmag-anak**



Bawat mag-anak ay dapat magkaroon ng panalanging pangmag-anak araw-araw. Sama-samang luluhod ang buong mag-anak, at magdarasal ang pinuno ng mag-anak o pagdarasalin nito ang isang kapamilya. Dapat magkaroon ng regular na pagkakataon ang bawat isa para manalangin. Ang mga musmos na anak ay maaaring magsalitan sa pagdarasal sa tulong ng kanilang mga magulang. Magandang pagkakataon ang panalanging pangmag-anak para maturuang manalangin ang mga anak at maituro ang mga alituntuning tulad ng pananampalataya sa Diyos, pagpapakumbaba, at pagmamahal.

**Mga Espesyal na Panalangin**

Dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak na laging handa ang Diyos na dinggin ang kanilang mga panalangin. Dagdag pa sa regular nilang mga panalanging pansarili at pangmag-anak, makapagdarasal sila anumang oras na kailanganin nila ng espesyal na tulong o kung nais nilang magpasalamat.

**Pagbabasbas ng Pagkain**



Dapat tiyakin ng mga magulang na matutong magpasalamat sa Diyos ang mga miyembro ng mag-anak para sa kanilang pagkain at humiling sa Kanya na basbasan ito bago sila kumain. Bawat tao, pati na mga batang musmos, ay dapat magsalitan sa pagbabasbas. Ang pagdarasal para mabasbasan ang pagkain ay nakakatulong sa mga magulang at anak na matutong magpasalamat sa ating Ama sa Langit.

## Family Home Evening

Ang family home evening ay para sa lahat, pati na sa mga bagong kasal, ama at ina kasama ang mga anak, nag-iisang magulang kasama ang mga

anak, magulang na walang anak sa bahay, dalaga't binata sa mga grupo ng home evening, at nag-iisa sa bahay o may kasamang umuupa. Lahat, anuman ang kanilang kalagayan, ay pagpapalain sa pagdaraos ng mga family home evening. Pinananatiling libre ng Simbahan ang Lunes ng gabi sa iba pang mga gawain para magkasama-sama ang mga mag-anak sa family home evening.



Sabi ng Unang Panguluhan: "Nangangako kami sa inyo ng mga dakilang pagpapala kung susundin ninyo ang payo ng Panginoon at magdaraos ng regular na family home evening. Lagi naming dinarasal na nawa'y tanggapin ng mga magulang sa Simbahan ang responsibilidad nilang magturo at maging halimbawa sila ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang mga anak. Pagpalain nawa kayo ng Diyos na maging masigasig sa napakahalagang responsibilidad na ito" ("Message from the First Presidency," *Family Home Evening Resource Book* [1983], iv).

Bilang patriarch ng kanyang maganak, ang ama ang nangungulo sa family home evening. Kapag wala ang ama, ang ina ang nangungulo. Mga magulang ang nangangasiwa o pumipili ng isang miyembro ng mag-anak para mangasiwa sa home evening. Sila ang nagtuturo ng lesson o pinagtuturo nila ang mga batang nasa wastong edad para magturo. Lahat ng nasa wastong edad ay dapat magkaroon ng pagkakataong makilahok. Makakatulong ang mga musmos na anak sa pagkumpas sa musika, pagbanggit ng mga sipi sa banal na kasulatan, pagsagot sa mga tanong, paghawak ng mga larawan, pamimigay ng meryenda, at pagdarasal.

Narito ang isang mungkahing balangkas para sa family home evening:

- Pambungad na awitin (ng mag-anak)
- Pambungad na panalangin (ng isang miyembro ng mag-anak)
- Pagbabasa ng tula o banal na kasulatan (ng isang miyembro ng maganak)
- Lesson (ng ama, ina, o nakatatandang anak)
- Aktibidad (pinamunuan ng isang miyembro ng mag-anak at kasali ang buong mag-anak)
- Pangwakas na awitin (ng mag-anak)
- Pangwakas na panalangin (ng isang miyembro ng mag-anak)
- Meryenda

Ang isang mag-anak ay makapagdaraos ng home evening sa maraming paraan. Anumang aktibidad na samasama ang mag-anak, nagpapatatag sa kanilang pagmamahalan, tumutulong

na mapalapit sila sa Ama sa Langit, at hinihikayat silang mamuhay nang matwid ay maaaring maging family home evening. Kabilang sa mga halimbawa ng gayong mga aktibidad ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pag-uusap tungkol sa ebanghelyo, pagpapatotoo, paggawa ng proyektong paglilingkod, samasamang pag-awit, pagpipiknik, paglalaro ng mag-anak, at paglalakad. Lahat ng family home evening ay dapat samahan ng panalangin.

Ang mga lesson sa family home evening ay maaaring ibatay sa mga banal na kasulatan; mga salita ng mga propeta sa mga huling araw, lalo na sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya; at mga personal na karanasan at patotoo. Maraming lesson ang dapat isentro sa pagsilang, buhay, mga turo, at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo, Gospel Fundamentals, Tapat sa Pananampalataya, Para sa Lakas ng mga Kabataan,* at mga magasin ng Simbahan ay naglalaman ng mga artikulo at iba pang impormasyon sa maraming paksang maaaring gawing bahagi ng mga lesson sa family home evening.

Narito ang mga mungkahing paksang tatalakayin para sa home evening:

- Ang plano ng kaligtasan
- Ang buhay at mga turo ni Jesus
- Pagsisisi
- Panalangin
- Pag-aayuno
- Ang Word of Wisdom
- Ang pamantayan ng Panginoon tungkol sa moralidad
- Ang kahulugan ng sakrament
- Ikapu
- Pasasalamat
- Katapatan
- Pagpipitagan sa Diyos at paggalang sa Kanyang mga likha
- Paghahanda para sa binyag, ordenasyon sa priesthood, o pag-aasawa
- Paghahandang makapasok sa templo
- Pagbabasa ng mga banal na kasulatan
- Pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath
- Pagpapatawad sa iba
- Pagtatamo at pagbabahagi ng patotoo
- Pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba
- Pagtitipon ng mga family history
- Pag-unawa at pagtanggap sa kamatayan
- Paglutas sa mga problema ng mag-anak
- Pamamahala sa pananalapi ng mag-anak
- Pakikibahagi sa gawaing-bahay ng mag-anak
- Pagpapahalaga at kasiyahan sa musika

## Mga Pista Opisyal at Espesyal na Okasyon

Ang mga pista opisyal at espesyal na okasyon, tulad ng Pasko; Easter; anibersaryo ng panunumbalik ng priesthood; mga kumperensya; pag-alis ng isang miyembro ng mag-anak para magmisyon; o pagsilang, binyag, o ordenasyon ng isang miyembro ng mag-anak, ay magagandang pagkakataon para maituro ang mga katotohanan ng ebanghelyo.

## Ikapu at mga Handog



Inutusan ng Panginoon ang Kanyang mga tao na ipamuhay ang batas ng ikapu at maging marapat sa ipinangakong mga pagpapala (tingnan sa Malakias 3:8–11).

Ang isang magandang pagkakataon para maituro ng mga magulang ang batas ng ikapu at mga handog ay kapag nagbabayad sila ng kanilang ikapu. Ang mga anak ay naiimpluwensyahan ng nakikita nilang ginagawa ng kanilang mga magulang. Ang mga batang pinagbabaon ng pera ay dapat magbayad ng ikapu para dito. Bawat anak ay maaaring magkaroon ng tatlong sisidlan ng pera: isa para sa ikapu, isa para sa misyon, isa para sa panggastos. Tuwing tatanggap ng pera ang mga anak, dapat silang matutong ilagay muna ang 10 porsiyento sa sisidlan ng ikapu, pagkatapos ay kaunting halaga sa sisidlan ng pangmisyon, at ang matitira ay sa sisidlan ng panggastos.

Kapag nagbabayad ng ikapu ang mga anak, dapat silang turuan ng mga magulang na punan ang tithing slip, ilagay ito sa sobre kasama ang pera, at ibigay ito o ipadala sa isang miyembro ng kanilang bishopric o branch presidency. Ang mga mag-anak na naninirahan sa liblib na pook ay dapat magbigay ng ikapu sa itinalagang lider ng priesthood sa kanila.

## Mga Talakayan sa Oras ng Pagkain

Magandang pagkakataon ang mga oras ng kainan para pag-usapan ang ebanghelyo. Mahilig magtanong at sumagot ang mga batang musmos tungkol sa ebanghelyo. Kapag hindi nila alam ang mga sagot, maaaring magbigay ng maiikling sagot at magturo ng ebanghelyo ang ama o ina. Hindi kailangang talakayin ang ebanghelyo sa bawat kainan, ngunit ang dalawa o tatlong beses na gayong talakayan sa loob ng isang linggo ay makakatulong sa mag-anak na matutuhan ang ebanghelyo.

## Mga Kuwento Bago Matulog

Dahil mahilig sa kuwento ang karamihan sa mga bata bago matulog, magandang pagkakataon ito para ituro ang ebanghelyo sa pagkukuwento o pagbabasa ng mga kuwento mula sa mga banal na kasulatan, lathalain ng Simbahan, o personal na karanasan. Ang mga kuwento tungkol sa katapatan, pagbabahagi, at kabaitan ay nagtuturo ng mahahalagang alituntunin ng ebanghelyo.

## Sama-samang Pagtatrabaho



Maraming pagkakataong maituro ang ebanghelyo kapag sama-samang nagtatrabaho sa bahay ang mga maganak. Halimbawa, habang naglilinis ng bahay o nagtatrabaho sa bakuran o hardin, dapat maging maagap ang mga magulang sa mga pagkakataong bumanggit tungkol sa ebanghelyo. Magtatanong nang madalas ang bata. Dapat ay laging pag-ukulan ng oras ng mga magulang ang pagsagot nang simple. Ang mga punang tulad ng "Mahusay kang magtrabaho. Tiyak kong ipinagmamalaki ka ng Ama sa Langit" o "Tingnan mo ang magagandang ulap na likha ng Ama sa Langit" ay magpapadama sa mga bata ng pasasalamat sa ating Ama sa Langit at ng katiyakan na Siya ay totoo.

## Mga Pagpupulong ng Mag-anak



Maaaring pulungin ng mga magulang ang mga miyembro ng mag-anak. Maaaring gamitin ng mga mag-anak ang mga pagpupulong na ito para magtakda ng mga mithiin ng maganak, lutasin ang mga problema, pagusapan ang mga gastusin, magplano, suportahan at palakasin ang bawat isa, magpatotoo, at ipagdasal ang bawat isa. Maaaring magpulong anumang oras kailanganin. Maaaring pulungin ng mga magulang ang maganak tuwing Linggo o kaugnay ng family home evening. Ang paggalang sa mga opinyon at damdamin ng iba ay mahalaga sa ikatatagumpay ng mga pagpupulong ng pamilya.

## Mga Sarilinang Interbyu

Natuklasan ng maraming magulang na sa regular at sarilinang interbyu sa

bawat anak, mapapalapit sila sa kanilang mga anak, mahihikayat ang mga ito, at matuturuan ang mga ito ng ebanghelyo. Ang gayong mga interbyu ay maaaring gawing pormal o di-pormal at maaaring dalasan.



Dapat magpahayag ng pagmamahal at tiwala sa anak ang magulang, at dapat magkaroon ng pagkakataon ang anak na magpahayag ng damdamin tungkol sa anumang paksa, problema, o karanasan. Dapat pakinggang mabuti at seryosohin ng magulang ang mga problema at ipinagtatapat ng anak. Maaaring magsabay sa pagdarasal ang magulang at anak. Ang mga problemang malalaman sa interbyu na kasangkot ang iba pang miyembro ng mag-anak ay maaaring lutasin sa susunod na family home evening.

## Mga Aktibidad ng Mag-anak

Dapat planuhin nang madalas ng mga magulang na magkasama-sama ang buong mag-anak. Ilan sa maraming aktibidad na maaaring magkasama-sama ang mga mag-anak ay sa piknik, kamping, proyekto ng mag-anak, trabaho sa bahay at sa bakuran, paglangoy, paglalakad, panonood ng magagandang pelikula at iba pang libangan.

Ang mag-anak na masayang nagsasama-sama sa mga gawain ay higit na magmamahalan at magkakasundo. Mas handang makinig ang mga anak sa kanilang mga magulang at susunod sa payo ng mga ito kapag malapit ang damdamin nila rito. Mas epektibong maituturo ng mga magulang ang ebanghelyo.



# Pagtupad ng mga Responsibilidad sa Mag-anak



Ang misyon ng Simbahan ng Panginoon ay tulungan ang lahat ng tao na lumapit kay Cristo. Makakatulong ang mga mag-anak na maisakatuparan ang misyong ito kapag:

1. Nailalaan nila ang sarili nilang espirituwal at pisikal na mga pangangailangan at tumutulong silang tugunan ang mga pangangailangan ng iba.
2. Naibabahagi nila ang ebanghelyo sa iba.
3. Tinitiyak nila na matatanggap ng mga miyembro ng mag-anak ang mga ordenansa sa templo at tumutulong silang mailaan ang mga pagpapalang ito sa namatay nilang mga ninuno.

## Espirituwal at Pisikal na mga Pangangailangan

### Espirituwal na mga Pangangailangan

Ang naunang bahagi ng gabay na aklat na ito, ang "Pagtuturo ng Ebanghelyo sa Tahanan," ay naglalaman ng impormasyon kung paano mapaglalaanan ng mag-anak ang mga espirituwal nilang pangangailangan.

### Mga Pisikal na Pangangailangan

Dapat matutong tumayo sa sariling paa ang mga mag-anak upang makapaglaan sila para sa sarili nilang pisikal na mga pangangailangan at matulungan ang iba. Para makatayo sa sariling paa, dapat magkusang

magtrabaho ang mga miyembro ng mag-anak. Ang pagtatrabaho ay pisikal, mental, o espirituwal na gawain. Dito nagmumula ang tagumpay, kaligayahan, pagpapahalaga sa sarili, at kasaganaan. Dapat magsikap ang mga magulang na makatayo sa sariling paa at ituro din ang gayon sa kanilang mga anak. Kapag marunong silang tumayo sa sariling paa matutulungan nila ang mga nangangailangan.

Responsibilidad ng mga ama na ilaan ang mga pangangailangan sa buhay at pangalagaan ang kanilang mga mag-anak. Pangunahing responsibilidad ng mga ina na arugain ang kanilang mga anak. Tinitiyak ng mga magulang na ang mag-anak ay malinis ang tahanan, masustansya ang pagkain, may pananamit, malusog ang katawan at mga ngipin, makapag-aral, matutong mamahala ng kabuhayan, at, kung maaari, maturuang magtanim ng ilang pagkain nila. Dapat turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak ng paghahanda ng kanilang pagkain at pagpepreserba nito para magamit sa hinaharap.

Dapat handang magpakasipag sa trabaho ang mga magulang para mailaan ang pisikal na mga pangangailangang ito. "At hindi ninyo pahihintulutan ang inyong mga anak na sila ay magutom, o maging hubad" (Mosias 4:14). Dapat magplano at maghanda ang mga magulang para mailaan ang mga pangangailangan ng mag-anak sa oras ng pagkakasakit, kapahamakan, kawalan ng trabaho, o iba pang suliranin. Kung nahihirapan ang ama na ilaan ang pisikal na mga pangangailangan ng kanyang mag-anak at hindi makatulong ang iba pang miyembro ng mag-anak, maaari siyang humingi ng tulong sa mga lider ng priesthood.

Makakatulong ang mga anak sa paglalaan ng pisikal na mga pangangailangan ng kanilang mag-anak sa pagtulong sa kanilang mga magulang sa kanilang gawain, pag-aaral nang mabuti sa paaralan, pag-aasikaso sa kanilang pananamit at iba pang mga pag-aari, pagpapanatiling malinis at maayos ng kanilang sarili at ng tahanan, at pananatiling malusog.

Dapat pag-ibayuhin ng mga miyembro ng mag-anak ang kakayahan nilang bumasa, sumulat, at gumawa ng simpleng pagsusuma at samantalahin ang bawat pagkakataong magtamo ng kaalaman at mapaghusay ang mga kasanayan. Dapat nilang sundin ang Word of Wisdom at kumain ng masusustansyang pagkain. Kung posible, dapat mag-imbak ng pagkain ang mga mag-anak para sa isang buong taon, o hangga't maaari, ay mag-imbak ng mga pangunahing bagay na kinakailangan para mabuhay. Dapat iwasan ng mga miyembro ng mag-anak ang di-kailangang pag-utang, mag-ipon para sa hinaharap, tuparin ang lahat ng kanilang obligasyon, at buong talinong gamitin ang kanilang kabuhayan, na iniiwasan ang pag-aaksaya.

Dapat turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na magbahagi sa iba. Halos lahat ay may maibibigay, gaano man kakaunti ang makakaya

nilang ibigay. Ang isang paraan para makatulong sa mga nangangailangang iyon ay mag-ayuno bawat buwan at magbigay ng mga handog-ayuno, na ginagamit para mapakain ang gutom, makanlungan ang walang bahay, madamitan ang hubad, at mapaginhawa ang naghihirap. Naipapakita natin ang ating pagmamahal sa Panginoon sa pagtulong natin sa iba. Sabi Niya, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40).

## Pagbabahagi ng Ebanghelyo



Itinuro ng Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta sa mga huling araw, na bawat miyembro ng Simbahan ay may responsibilidad na ibahagi ang ebanghelyo sa iba. "Nababagay lamang sa bawat tao na nabigyang-babala na balaan ang kanyang kapwa" (D at T 88:81). Ipinaliwanag ni Alma, isang propeta sa Aklat ni Mormon, na kapag nabinyagan tayo dapat ay handa tayong "tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay at sa lahat ng lugar" (Mosias 18:9).

Dapat gawin ng lahat ng miyembro ng mag-anak ang lahat para matulungan ang kanilang mga kamag-anak, kaibigan, at kapitbahay na malaman ang ebanghelyo ni Jesucristo at ang mga pagpapalang idudulot nito sa kanilang buhay. Sa pagbabahagi ng ebanghelyo, mapapalakas ng mga magulang at anak ang sarili nilang patotoo at maihahatid ang mga pagpapala ng ebanghelyo sa iba. Ang mga mag-anak ay maaaring:

- Maging mabuting halimbawa sa pagsunod sa lahat ng utos (tingnan sa Mateo 5:16).
- Magpasalamat sa pagiging miyembro nila ng Simbahan (tingnan sa Mga Taga Roma 1:16) at ipaalam sa ibang tao na sila ay mga miyembro.
- Magtanong sa mga kakilala kung gusto nilang makaalam pa tungkol sa Simbahan.
- Humingi ng tulong sa Panginoon sa pagpili ng isang mag-anak o taong handang makinig sa ebanghelyo.
- Ipakilala ang mag-anak o taong iyon sa Simbahan sa anumang paraan, tulad ng pag-anyaya sa kanila sa family home evening o sa isang miting o aktibidad sa Simbahan, pagbibigay sa kanila ng mababasang mga aklat o polyeto ng Simbahan, o pakikipag-usap sa

kanila tungkol sa mga pagpapala ng ebanghelyo.

- Anyayahan ang mag-anak o taong ito sa kanilang tahanan para maturuan ng mga misyonero.

Responsibilidad ng mga magulang na ihanda ang kanilang sarili at kanilang mga anak sa pagmimisyon nang full-time. Para maihanda ang mga anak, lalo na ang mga anak na lalaki, dapat ituro ng mga magulang ang ebanghelyo sa tahanan, dapat silang magkaroon ng pansarili at pangmag-anak na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at panalangin, at banggiting madalas ang mga responsibilidad at pagpapala sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Matuturuan nila ang kanilang mga anak na mag-impok para sa misyon, magsipag, tumayo sa sariling paa, at mahalin at paglingkuran ang ibang tao.

## Mga Ordenansa sa Templo para sa Buhay at Patay



Sa mga templo, ang mga karapat-dapat na miyembro ng Simbahan ay tumatanggap ng mga sagradong ordenansa at nakikipagtipan sa Diyos. Nakikilahok din sila sa pagsasagawa ng ordenansa para sa namatay nilang mga ninuno. Kung posible, dapat kumuha ang ama at ina ng kani-kanyang rekomend sa templo mula sa kanilang mga lider ng priesthood at pumunta sa templo para matanggap ang sarili nilang mga ordenansa sa templo. Kung hindi sila makakapunta sa templo, dapat silang mamuhay nang karapat-dapat para sa rekomend sa templo.

May sagradong responsibilidad ang mga mag-anak na tiyaking naisagawa ang mga ordenansa sa templo para sa mga ninuno nilang namatay nang hindi nakatanggap nito. Ang mga miyembro ng Simbahan na nakatanggap na ng sarili nilang mga ordenansa ay dapat bumalik sa templo nang madalas kung may oras, pera, at bukas ang templo para magsagawa ng mga ordenansa para sa kanilang mga ninuno.

Dapat tipunin ng mga ama at ina ang nakatalang mahahalagang pangyayari sa kanilang buhay at sa buhay ng kanilang mga anak, pati na mga katibayan ng basbas, binyag, ordenasyon, kasal, at kamatayan; mahahalagang liham; mga larawan; ginupit na mga balita sa pahayagan; at mga bagay na katulad nito. Dapat nilang isulat ang sarili nilang kasaysayan at hikayatin ang bawat miyembro ng mag-anak na

mag-ingat ng sarili nilang kasaysayan. Dapat nilang tulungang magsimula ng sariling kasaysayan ang nakababata nilang mga anak.

Dapat tipunin ng mga mag-anak ang impormasyon tungkol sa kanilang mga ninuno at gawin itong aklat ng mga kasaysayan ng mag-anak. Dapat nila itong simulan sa pagtitipon ng impormasyon tungkol sa pinakahuli nilang apat na henerasyon.

# Pagsasanay sa Pamumuno



Sa ilalim ng pamamahala ng mga lider ng stake, misyon, o district, dapat ipaunawa at ipagawa ng mga lider ng priesthood at auxiliary sa mga magulang ang tatlong pangunahing responsibilidad ng mag-anak (tingnan sa mga pahina 14–17). Dapat turuan ng mga lider ang mga ama at ina kung paano pamunuan ang kanilang mag-anak. Kung nakatira sa isang liblib na pook ang isang mag-anak, dapat tiyakin ng mga lider ng stake, misyon, o district na malalaman at tutuparin ng mga magulang ang kanilang mga responsibilidad.

# Pagdaraos ng Samba sa Tahanan (Para sa mga Mag-anak na nasa Liblib na Pook)



Ang ilang mag-anak ay nakatira sa liblib na pook at hindi regular na makadadalo sa mga miting ng ward o branch. *Sa pahintulot ng stake, mission, o district president*, dapat magdaos ng samba sa tahanan nila ang mga mag-anak na iyon sa araw ng Linggo. Sa mga pook na walang itinatag na mga yunit ng Simbahan, kailangan ng mga mag-anak ang pahintulot ng Area President.

Maaaring ihanda at basbasan ng ama o ng isa pang maytaglay ng priesthood ang sakrament kung siya ay karapat-dapat, isang priest sa Aaronic Priesthood o maytaglay ng Melchizedek Priesthood, *at may pahintulot ng kanyang mga lider ng priesthood*. Maaaring magpasa ng sakrament ang sinumang maytaglay ng priesthood.

Ang mga tagubilin sa pangangasiwa ng sakrament ay nasa mga pahina 25–26 ng gabay na aklat na ito.

Ang samba sa araw ng Linggo ay dapat maging simple, mapitagan, at marangal. Maaari itong kapalooban ng:

1. Pambungad na himno
2. Pambungad na panalangin
3. Pagbabasbas at pagpapasa ng sakrament
4. Isa o mahigit pa sa mga sumusunod:
   - Isa o dalawang maiikling pananalita o patotoo
   - Pagbabasa at pagtalakay ng mga banal na kasulatan bilang mag-anak
   - Isang lesson ng isang miyembro ng mag-anak

5. Pangwakas na himno

6. Pangwakas na panalangin

Sa pagpaplano ng samba sa araw ng Linggo, dapat hangarin at sundin ng mga magulang ang patnubay ng Espiritu ng Panginoon. Nagbigay ng halimbawa ng uri ng sambang ito ang mga tao sa Aklat ni Mormon: "At ang kanilang mga pagpupulong ay pinamunuan . . . alinsunod sa pamamaraan ng pamamatnubay ng Espiritu, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; sapagkat ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang umaakay sa kanila kung mangangaral, o magpapayo, o mananalangin, o magsusumamo, o aawit, maging sa gayon ito naganap" (Moroni 6:9).

Dapat gamitin ng mag-anak ang mga banal na kasulatan bilang pangunahin nilang gabay. Dagdag pa rito, maaari nilang gamitin ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, *Gospel Fundamentals, Mga Alituntunin ng Ebanghelyo, Tapat sa Pananampalataya, Para sa Lakas ng mga Kabataan*, mga polyeto ng misyonero, mga magasin ng Simbahan, at iba pang mga lathalain at kagamitang audiovisual ng Simbahan.

Kung walang sinuman sa mag-anak ang may angkop na priesthood, maaaring tipunin ng ama o ina ang mga miyembro ng mag-anak upang umawit ng mga himno, pag-aralan ang mga banal na kasulatan, manalangin, at higit na mapalapit sa isa't isa at sa Ama sa Langit. Isasaayos ng itinalagang lider ng priesthood sa mag-anak ang regular na mga oportunidad na makatanggap sila ng sakrament.

Dapat magkaroon ng mga lingguhang aktibidad ang mga magulang, tulad ng mga paglalakad, piknik, panonood ng magagandang pelikula, pagbisita sa mga kamag-anak, isports, mga programang musikal, at paglangoy.

Dapat magbigay ng ikapu, mga handog-ayuno, at iba pang mga kontribusyon ang mag-anak sa nakatalaga nilang lider ng priesthood.

Walang isusumiteng nakasulat na ulat ang mag-anak sa Simbahan, ngunit regular na iinterbyuhin ng nakatalaga nilang lider ng priesthood ang ama, at pag-uulatin siya tungkol sa sitwasyon ng mag-anak. Kung kailangan, maaaring idaos ng mga lider ang mga interbyung ito sa telepono.

# Mga Ordenansa at Basbas ng Priesthood



Ang mga ordenansa ng priesthood ay mga sagradong gawaing ibinigay ng Panginoon at isinasagawa sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood. Ang mga basbas ng priesthood ay ibinibigay sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood para magpagaling, umaliw, at maghikayat. Dapat ihanda ng mga kapatid na nagsasagawa ng mga ordenansa at basbas ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo at pagpupunyaging magabayan ng Banal na Espiritu. Dapat nilang isagawa ang bawat ordenansa at basbas sa marangal na paraan at ayon sa sumusunod na mga kinakailangan; ang ordenansa ay dapat:

1. Isagawa sa pangalan ni Jesucristo.
2. Isagawa sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood.
3. Isagawa ayon sa anumang kinakailangang pamamaraan, tulad ng paggamit ng mga natatanging kataga o ng inilaang langis.
4. May pahintulot ng nakatalagang lider ng priesthood na mayhawak ng wastong mga susi, kung kinakailangan.

*Ang mga ordenansang nangangailangan ng pahintulot ng lider ng priesthood ay ang pagpapangalan at pagbabasbas sa mga bata, pagbibinyag at pagkumpirma, paggagawad ng priesthood at pag-oorden sa isang katungkulan sa priesthood, pagbabasbas at pagpapasa ng sakrament, at paglalaan ng mga libingan.*

Kapag may ilang kapatid na kasali sa isang ordenansa o basbas, ipapatong nang magaan ng bawat isa ang kaliwang kamay sa balikat ng kapatid na nasa kaliwa niya. Pinatitigil na ang nakagawiang pagpapatulong sa maraming maytaglay ng priesthood.

Ang mga ordenansa at basbas na ipinaliwanag sa bahaging ito ay makakatulong sa mga ama sa paglilingkod bilang patriarch sa kanilang mag-anak.

## Pagpapangalan at Pagbabasbas sa mga Bata



"Bawat kasapi ng simbahan ni Cristo na may mga anak ay dapat dalhin ang mga anak sa mga elder sa harapan ng simbahan, na siyang magpapatong ng kanilang mga kamay sa kanila sa pangalan ni Jesucristo, at babasbasan sila sa kanyang pangalan" (D at T 20:70). Para masunod ang paghahayag na ito, tanging mga karapat-dapat na kalalakihan lamang na maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang maaaring makilahok sa pagpapangalan at pagbabasbas sa mga bata. *Ang ordenansa ng pagpapangalan at pagbabasbas sa mga bata ay nangangailangan ng pahintulot ng namumunong awtoridad.*

Kapag nagbabasbas ng sanggol, palilibutan at hahawakan ng kalalakihang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang sanggol. Kapag mas nakatatandang bata ang babasbasan, ipapatong nang magaan ng kalalakihan ang kanilang mga kamay sa ulo ng bata. Ang taong nagbabasbas ay:

1. Mananawagan sa Ama sa Langit.
2. Sasabihin na ang basbas ay ibinibigay sa pamamagitan ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood.
3. Papangalanan ang bata.
4. Ibibigay ang basbas ng priesthood ayon sa dikta ng Espiritu.
5. Magtatapos sa pangalan ni Jesucristo.

## Binyag



*Sa ilalim na pamamahala ng namumunong awtoridad*, maaaring magbinyag ang isang karapat-dapat na priest o lalaking maytaglay ng Melchizedek Priesthood. Para magawa ito:

1. Lulusong siya sa tubig kasama ang taong bibinyagan.
2. Para madali at ligtas, hahawakan ng kaliwang kamay niya ang kanang pulso ng binibinyagan; hahawakan naman ng kaliwang kamay ng taong binibinyagan ang kanyang kaliwang pulso.
3. Itataas niya nang paparisukat ang kanyang kanang braso.
4. Babanggitin niya ang buong pangalan ng binibinyagan at sasabihing, "Bilang naatasan ni Jesucristo, bininyagan kita sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen" (D at T 20:73).
5. Pahahawakan niya sa kanang kamay ng tao ang ilong nito para hindi ito pasukan ng tubig; ilalagay naman ng taong nagbibinyag ang kanyang kanang kamay sa bandang itaas ng likod ng tao at ilulubog ito nang lubusan sa tubig, kasama ang kasuotan nito.
6. Tutulungan niyang umahon sa tubig ang tao.

Dalawang priest o kalalakihang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang sumasaksi sa bawat binyag upang tiyakin na maayos itong naisagawa. Dapat ulitin ang pagbibinyag kung hindi tugma sa nakasaad sa Doktrina at mga Tipan 20:73 ang binanggit na mga salita o kung may bahagi ng katawan o kasuotan ng tao na hindi nailubog nang lubusan sa tubig. Ang taong binibinyagan at ang taong nagsasagawa ng ordenansa ay dapat magsuot ng puting damit na hindi aninaw ang katawan kapag nabasa ito.

## Kumpirmasyon



Ang mga nabinyagan na siyam na taong gulang pataas at yaong mga walong taong gulang na hindi miyembro ang mga magulang ay kinukumpirma sa sakrament miting (tingnan sa D at T 20:41). Maaaring makumpirma kaagad ang mga batang walong taong gulang pagkatapos ng binyag sa lugar na pinagbinyagan kung miyembro ng Simbahan ang kahit isa man lamang na magulang at may pahintulot ang mga magulang sa binyag at kumpirmasyon. *Sa ilalim ng pamamahala ng bishop o branch president*, maaaring isagawa ng isa o mahigit pang kalalakihang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang ordenansang ito. Bahagya nilang ipapatong ang kanilang mga kamay sa ulo ng tao. Ang nagsasagawa ng ordenansa ay:

1. Babanggitin ang buong pangalan ng tao.
2. Sasabihin na ang ordenansa ay isinasagawa sa pamamagitan ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood.
3. Ikukumpirma ang tao bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
4. Igagawad ang kaloob na Espiritu Santo sa pagsasabing, "Tanggapin mo ang Espiritu Santo."
5. Ibibigay ang basbas ng priesthood ayon sa dikta ng Espiritu.
6. Magtatapos sa pangalan ni Jesucristo.

## Paggawad ng Priesthood at Pag-orden sa mga Katungkulan sa Priesthood



*Ang bishop o branch president ang namamahala sa paggawad ng Aaronic Priesthood at mga ordenasyon sa mga katungkulan ng deacon, teacher, at priest.* Bago maorden ang isang tao sa isang katungkulan sa Aaronic Priesthood, dapat siyang mainterbyu ng bishop o branch president at makitang karapat-dapat. Dapat din siyang sang-ayunan sa sakrament miting. Sa pahintulot ng bishop o branch president, maaaring igawad ng isang priest ang Aaronic Priesthood sa ibang tao at iorden ito sa isang katungkulan sa Aaronic Priesthood.

*Ang stake o mission president ang namamahala sa paggagawad ng Melchizedek Priesthood at ordenasyon sa mga katungkulan ng elder at high priest.*

Para maigawad ang priesthood o iorden ang isang tao sa isang katungkulan sa priesthood, ipapatong nang magaan ng isa o higit pang kalalakihang maytaglay ng kailangang priesthood para dito at pinahintulutan ng namumunong awtoridad ang kanilang mga kamay sa ulo ng tao. Ang nagsasagawa ng ordenansa ay:

1. Babanggitin ang buong pangalan ng tao.
2. Babanggitin ang awtoridad (Aaronic o Melchizedek Priesthood) ng nagsasagawa ng ordenasyon.
3. Igagawad ang Aaronic o Melchizedek Priesthood, maliban kung ito ay dati nang naigawad.
4. Ioorden ang tao sa isang katungkulan sa Aaronic o Melchizedek Priesthood at ipagkakaloob ang mga karapatan, kapangyarihan, at awtoridad ng katungkulang ito.
5. Ibibigay ang basbas ng priesthood ayon sa dikta ng Espiritu.

6. Magtatapos sa pangalan ni Jesucristo.

## Sakrament



Ang sakrament ay isang napakasagradong ordenansa. Ang pagtanggap ng sakrament ay nagbibigay ng pagkakataong alalahanin ang buhay, mga turo, at Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ito ang pagkakataon upang mapanibago ang mga tipan natin sa Panginoon nang tayo ay binyagan (tingnan sa Mosias 18:8–10).

Maaaring ihanda ng mga teacher at priest ang sakrament; maaari itong basbasan ng mga priest; at maaari itong ipasa ng mga deacon, teacher, at priest. Maaaring ihanda, basbasan, at ipasa ng kalalakihang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang sakrament ngunit karaniwang nangyayari ito kapag kakaunti lang ang kalalakihan ng Aaronic Priesthood. Kung nakagawa ng mabigat na kasalanan ang isang tao, hindi siya dapat maghanda, magbasbas, o magpasa ng sakrament hangga't hindi siya nagsisisi at naipagtatapat ang bagay na ito sa kanyang bishop o branch president. Pinangangasiwaan ng mga naghahanda, nagbabasbas, o nagpapasa ng sakrament ang ordenansang ito sa iba para sa Panginoon. Dapat gampanan ng bawat maytaglay ng priesthood ang tungkuling ito nang taimtim at mapitagan. Dapat ay maayos ang kanyang hitsura, malinis, at nakadamit nang disente. Dapat mabanaag sa kanyang anyo ang kasagraduhan ng ordenansa.

Dapat ihanda ng mga kalalakihan ang sakrament bago magsimula ang miting. Maglalagay sila ng buong tinapay sa malilinis na trey at maglalagay ng mga trey na may maliliit na kopa ng sakrament na may sariwang tubig sa mesa ng sakrament. Tatakpan nila ng malinis at puting tela ang tinapay at tubig.

Habang kinakanta ang himno sa sakrament, aalisin ng mga nasa mesa ng sakrament ang takip sa mga trey ng tinapay at puputul-putulin nang maliliit ang tinapay. Pagkatapos ng himno, luluhod at uusalin ng taong magbabasbas ng tinapay ang panalangin sa sakrament para sa tinapay. Pagkatapos ay ipapasa ng mga kalalakihan ang tinapay sa mga naroon sa mapitagan at maayos na paraan. Ang namumunong awtoridad sa miting ang unang tatanggap ng sakrament. Kapag nakatanggap na ng tinapay ang lahat ng naroon, ibabalik ng mga nagpasa nito ang kanilang trey sa mesa ng sakrament. Muling tatakpan ng mga nagbabasbas ng sakrament ang mga trey matapos ipasa ang tinapay.

Aalisin ng mga nasa mesa ng sakrament ang takip sa mga trey ng tubig. Luluhod at uusalin ng taong magbabasbas ng tubig ang panalangin sa sakrament para sa tubig. Pagkatapos ay ipapasa ng mga kalalakihan ang tubig sa mga naroon. Ibabalik ang mga trey sa mesa ng sakrament at muling tatakpan. Pagkatapos ay uupo na sa kongregasyon ang mga nagbasbas at nagpasa ng sakrament.

Ang sakrament ay para sa mga miyembro ng Simbahan, pati na sa mga bata. Hindi dapat ipahayag ng taong nangangasiwa sa miting na sa mga miyembro lamang ito ipapasa; walang dapat gawin para hadlangan ang mga hindi miyembro sa pagtanggap nito.

Ang mga panalangin sa sakrament ay dapat bigkasin nang malinaw, tumpak, at may dangal. Kung magkamali sa pagbigkas ng mga salita ang nagbabasbas ng sakrament at hindi niya ito itinama, hihilingin ng bishop o branch president na ulitin niya ang panalangin at usalin ito nang wasto.

Narito ang panalangin sa pagbabasbas ng tinapay:

"O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang tinapay na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na kakain nito, nang sila ay makakain bilang pag-alaala sa katawan ng inyong Anak, at patunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila ay pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak, at lagi siyang alalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa kanila; nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen" (D at T 20:77 at Moroni 4).

Narito ang panalangin sa pagbabasbas ng tubig:

"O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang [tubig] na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na iinom nito, nang ito ay kanilang magawa bilang pag-alaala sa dugo ng inyong Anak, na nabuhos alang-alang sa kanila; nang kanilang mapatunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila sa tuwina ay aalalahanin siya, nang mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen" (D at T 20:79 at Moroni 5).

Dapat alisin kaagad sa mesa ang sakrament pagkatapos na pagkatapos ng miting. Anumang tinapay na natira ay maaaring kainin.

*Ang pagbabasbas at pagpapasa ng sakrament ay kailangang may pahintulot ng namumunong awtoridad.*

## Paglalaan ng Langis

Inilalaan ng isang lalaki (o mahigit pa sa isa) na maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang purong langis ng olibo para sa banal na layuning maipahid

ito sa maysakit o may dinaramdam. Ang taong naglalaan ng langis ay:

1. Hahawak ng isang bukas na sisidlan ng langis ng olibo.
2. Sasamo sa ating Ama sa Langit.
3. Sasabihin na kumikilos siya sa pamamagitan ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood.
4. Ilalaan ang langis (hindi ang sisidlan) at itatalaga ito para ipahid sa maysakit at may dinaramdam.
5. Magtatapos sa pangalan ni Jesucristo.



## Pangangasiwa sa Maysakit

Tanging mga kalalakihan lamang na maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang maaaring mangasiwa sa maysakit o may dinaramdam. Karaniwan, dalawa o mahigit pa ang magkasamang nangangasiwa, ngunit maaari itong gawing mag-isa. Kung walang makuhang inilaang langis, maaaring magbasbas ang isang maytaglay ng Melchizedek Priesthood sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood.

Isang amang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang dapat mangasiwa sa mga miyembro ng kanyang maganak na maysakit. Maaari siyang magpatulong sa isa pang maytaglay ng Melchizedek Priesthood.

May dalawang bahagi ang pangangasiwa sa maysakit: (1) pagpapahid ng langis at (2) pagpapatibay sa pagpapahid ng langis.

### Pagpapahid ng Langis

Pinapahiran ng langis ng isang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang taong maysakit. Para magawa ito:

1. Lalagyan niya ng isang patak ng inilaang langis ang ulo ng tao.
2. Ipapatong niya nang magaan ang kanyang mga kamay sa ulo ng tao at babanggitin ang buong pangalan nito.
3. Sasabihin niya na pinapahiran niya ng langis ang tao sa pamamagitan ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood.
4. Sasabihin niya na nagpapahid siya ng langis na inilaan para sa pagpapahid at pagbabasbas sa maysakit at may dinaramdam.
5. Magtatapos siya sa pangalan ni Jesucristo.

### Pagpapatibay sa Pagpapahid ng Langis

Karaniwan, dalawa o mahigit pang kalalakihang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang nagpapatong nang magaan ng kanilang mga kamay

sa ulo ng taong maysakit. Pagtitibayin ng isa sa mga kalalakihan ang pagpapahid ng langis. Para magawa ito:

1. Babanggitin niya ang buong pangalan ng tao.
2. Sasabihin niya na pinagtitibay niya ang pagpapahid ng langis sa pamamagitan ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood.
3. Magbibigay siya ng basbas ayon sa dikta ng Espiritu.
4. Magtatapos siya sa pangalan ni Jesucristo.

## Mga Basbas ng Ama at Iba pang mga Basbas ng Pag-aliw at Pagpapayo



Ang mga basbas ng ama at iba pang mga basbas ng priesthood ay ibinibigay upang maglaan ng direksyon at aliw ayon sa patnubay ng Espiritu.

Maaaring basbasan ng isang amang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang kanyang mga anak. Ang gayong mga basbas ay makakatulong lalo na kapag umalis ng bahay ang mga anak, tulad ng para pumasok sa paaralan o magmisyon, o pumasok sa trabaho, mag-asawa, magsundalo, o humarap sa kakaibang personal na mga pagsubok. Maaaring maging malaking kalakasan sa mag-anak ang mga basbas na ito. Maaaring itala ng mag-anak ang mga basbas ng ama para sa mga talaan ng mag-anak, ngunit hindi ito iingatan sa mga talaan ng Simbahan. Dapat hikayatin ng mga magulang ang mga anak na hingin ang basbas ng ama sa mga oras ng pangangailangan.

Maaari ding magbasbas ng pag-aliw at pagpapayo ang karapat-dapat na kalalakihang maytaglay ng Melchizedek Priesthood sa kanilang asawa, at sa iba pang humihiling nito sa kanila.

Para maibigay ang basbas ng ama o iba pang mga basbas ng pag-aliw at pagpapayo, ang isang maytaglay ng Melchizedek Priesthood, mag-isa man o may kasamang isa o mahigit pang karapat-dapat na maytaglay ng Melchizedek Priesthood, ay ipapatong nang magaan ang kanyang mga kamay sa ulo ng taong tumatanggap ng basbas. Hindi kailangan ang langis para sa gayong mga basbas. Ang taong nagbabasbas ay:

1. Babanggitin ang buong pangalan ng tao.
2. Sasabihing nagbabasbas siya sa pamamagitan ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood.
3. Magbabasbas ayon sa dikta ng Espiritu.

4. Magtatapos sa pangalan ni Jesucristo.

## Paglalaan ng mga Libingan

Dapat ay maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang taong naglalaan ng libingan at *may pahintulot ng lider ng priesthood na nangangasiwa sa paglalaan ng libingan.*

Para mailaan ang libingan:

1. Sasamo siya sa Ama sa Langit.
2. Sasabihin niya na inilalaan niya ang libingan sa pamamagitan ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood.
3. Ilalaan at itatalaga niya ang lupang pinaglibingan bilang himlayan ng katawan ng namatay.
4. Kapag naaangkop, ipagdarasal niya na pabanalin at protektahan ang lugar hanggang sa Pagkabuhay na Mag-uli.
5. Hihilingin niya sa Panginoon na aliwin ang mag-anak nito at ipapahayag ang iba pang bagay ayon sa dikta ng Espiritu.
6. Magtatapos siya sa pangalan ni Jesucristo.

Kung mas gusto ng mag-anak, maaaring mag-alay ng panalangin sa tabi ng puntod ang isang tao (na hangga't maaari ay isang maytaglay ng Melchizedek Priesthood) sa halip na panalangin sa paglalaan.

# Pagkuha ng mga Materyal ng Simbahan at Paghahanap ng Impormasyon sa Family History

Makukuha ng mga lider at iba pang miyembro sa lugar ang mga materyal ng Simbahan, kabilang na ang mga banal na kasulatan, kursong pinag-aaralan, magasin ng Simbahan, garment, at kasuotan sa templo, mula sa kanilang Church distribution center o service center, mula sa Salt Lake Distribution Center, o sa tulong ng opisyal na Internet site ng Simbahan, na nasa www.lds.org.

Makakakuha ng impormasyon tungkol sa gawain sa family history sa family history Internet site ng Simbahan, na nasa www.familysearch.org.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02311 80893 9
31180 893